

MAHALAGA

Sa ibaba ay mga numerong makakatulong sa inyo. May patlang rin na maari ninyong sulatan para sa mga mahalagang numero o kaalaman na inyong natutunan.

Kaalamang Sentral ng Karahasan sa Tahanan sa mga taga Asyano/ Islang Pasipiko (DVRP)
(202) 464-4477
<http://www.dvrp.org>

Makahalagang Linya para sa Pambansang Karahasan sa Tahanan
1800-799-SAFE (7233)
<http://www.ndvh.org/>

Sentrong Kaalamang Legal ng Asyano Pasipiko Amerikano (APALRC)
(202) 393-3572
<http://www.apalrc.org/dp/>



Mga Tanong at Kasagutan

"Karapatan mong lumaya sa karahasan sa loob ng inyong tahanan"

VIRGINA MARYLAND WASHINGTON DC

Ano ang "Karahasan sa Tahanan"?

Sinisi ka ba ng kabiyak mo sa maraming bagay? Tinatawag ka ba niya ng mga pangalan na nagpapaliit sa iyong pagkatao?

Masyado bang seloso ang kabiyak mo at pinagbabawalan kang na magsalita sa iyong mga kaibigan at pamilya? Pinagbawalan ka ba niyang magkakaroon ng trabaho o matutong mag English?

Tinatakot ka ba ng kabiyak mong kukunin sa yo ang mga anak mo? Pinagsabihan ka ba na papatalsikin ka niya palabas ng bansa?

Tinatakot ka ba ng kabiyak mo na sasaktan ka niya? Sinasaktan ka ba ng kabiyak mo? Pinipilit ka ba niyang makipagtalik na ayaw sa iyong kalooban?

Marahas ba siya sa yo? Sinisi ba niya ang droga o alcohol ang dahilan sa kasamaan ng kanyang ugali? Inamin ba niya na ang kanyang mga masamang nagawa ay dahil sa yong pagkakamali? Pinaparamdam ba niya sa yo na parang baliw ka o sira ulo?

Kung ang sagot mo ay OO, sa kahit isang tanong, HINDI KA NAG-IISA. May maraming kababaehan na katulad ng kalagayan mo. ANG UGALI NG KABIYAK MO AY HINDI MO KASALANAN. May tulong para sa iyo.

KALIGTASAN:
Naramdaman mo ba na ikaw ay hindi ligtas tumitira sa loob ng iyong pamamahay? Naramdaman mo ba na ikaw ay hindi ligtas kahit di ka nakatira kasama ang iyong mapang-abusong kabiyak/asawa? Natatakot ka sa kaligtasan ng iyong mga anak? May mga taong makakatulopng sa yo makagawa ng plano sa inyong kaligtasan. kaligtasan

Ano ang Aking Magagawa?

May mga iba ibang serbisyo na makakatulong upang masugpo ang karahasan sa loob ng iyong tahanan : bahay tuluyan, pagamutan, pulisya, tulong legal at iba pang serbisyong pang komunidad. Maaari ka ring makakuha ng pangpublikong benipisyo para matulungan ka at ang iyong mga anak.

PABAHAY: Kung ikaw ay nasa mapang-abusong tahanan nakatira at kailangan ng tulong sa upa o kung mga iba ka pang katanungan tungkol sa iyong karapatan bilang umuupa, maari kang makipag-usap sa tagapagsulong.

DVRP ay isang hindi pangnegosyong samahan na nagsisikap makatulong sa mga kababaihan ng Asyano/Taga Isla Pasipiko (A/PI) na biktina ng karahasan sa loob ng tahanan. Nagbibigay kami ng libre at lihim na na tulong at suporta sa pamamagitan ng aming mga marurunong na tagapagsulong ng

kababaihan ng A/PI para makakuha ng kaalaman at mapaayos ang kaligtasan, kasali ang mga ito.

- kaalaman tungkol sa karahasan sa loob ng tahanan
- suporta ng kasing kapwa
- plano ng kaligtasan
- interpretasyon at translasyon
- pagsama sa hukuman, legal at sosyal na serbisyo
- pagpakilala sa bahay tuluyan, legal at sosyal na serbisyo
- lakas pang pinansyal at mga kaalaman sa buhay; at
- ibat-iba pang kinakailangang tulong at serbisyo

Kung ikaw ay isang imigrante, o tumakas sa iyong bansa, o humaharap ng kakaibang kahirapan. Tandaan, walang sinuman na karapat dapat na abusuhin. Kahit ikaw ay walang papel, maari ka ring makatanggap ng tulong.

MATUTULUGAN: May binibigay na matutulugan na ligtas at iba pang tulong at serbisyo para sa yo at sa yong mga anak. Nagbibigay rin ito ng akomodasyon sa iba mo pang pangangailangan. Kung nais malaman ang ganitong serbisyo sa inyong lugar, makipag-ugnayan at makipag-usap sa inyong tagapagsulong.

Tawag DVRP (202-464-4477) mula alas 10 ng umaga hanggang 6 ng gabi para makausap ang tagapagsulong o para sa mga kaalaman na malapit sa inyong lugar.

Basahin ang mga kaalaman kung paano ninyo maitanggol ang sarili at mga anak.

Aalis ba ako sa aking tahan kung nanganganib na ang aking buhay? OO. Pumunta a bahay ng kaibigan o sa bahay tulugan ng mga inaabusong babae. Ang bahay tulugan kadalasan ay libre at may mga kaalaman o impormasyon sa mga serbisyo sa inyong komunidad.

ANONG SABIHIN SA PULIS:

“Nanganganib ang aking buhay. Biktima ako ng karahasan sa sariling tahanan. Ang pangalan ko si (pangalan). IAKO’y nagsasalita ng (salita) at Nandito ako sa (lokasyon/adres).

This is an emergency. I am a victim of domestic violence. My name is (name), I speak (language) and I am at (location/address).

Tatawag ba ako ng pulis? OO. Ang Karahasan sa Tahanan ay labag sa batas.

- Sasamahan ka at iyong mga anak ng pulis sa ligtas na lugar
- Maaring arestuhin ang nang-aabuso sa yo kung may krimen na nagawa
- Kung ang pulis ay di marunong ng iyong wika, maghanap ng marunong ng iyong salita maliban sa iyong mga anak at sa umabuso sa iyo, para maisalin ang sasabihin mo
- PALAGI hingin sa pulis ang kumpletong sanaysay, numero ng insedente, pangalan ng pulis at numero ng tsapa para sa mga susunod na paggagamitan.
- HUWAG MABAHALA; hindi karaniwang pinapaalam ng pulis ang babaeng biktima ng karahasan sa ahensya ng Immigration and Naturalization Services (INS).

Nakarinig ako ng mga Kautusang Nagtatanggol. Ano ang magagawa nila? Ang kautusang nagtatanggol ay humihiwalay sa taong umaabuso sa yo para di siya makalapit sa yo, para di ka lusubin, saktan o lapitan ang iyong mga anak at kasapi ng pamilya. Di mo kailangan na maging mamamayan ng Estados Unidos para makakuha ng kautusang ito.

Ikaw ay makakakuha ng Kautusang Nagtatanggol sa pinakamalit na himpilan ng pulisya o hukuman. Isipin na di mo kailangan lumabas ng bahay kung kakailanganin mo ang Kautusang Nagtatanggol. Magtanong ng dagdad na kaalaman sa iyong tagapagsulong ng DVRRP.

Sa Washington D.C., ang kautusang nagtatanggol ay tumatagal hanggang 1 taon, pero kailangan may 1 pangyayari sa D.C. para makahingi nito sa hukuman ng D.C. Sa Virginia, may tatlong magkakaibang klase ng kautusang nagtatanggol: panganib, pasimuna, at permanente. Ang kautusang nagtatanggol sa panganib ay may bisa hanggang 72 oras, ang pasimuna may bisa hanggang 15 araw, at ang permanente ay may bisa hanggang 2 taon. Sa Maryland, maari na ikaw ay saklaw sa kautusang nagtatanggol o kautusan ng kapayapaan. Ang kautusan ng kapayapaan may bisa hanggang 6 buwan at nagbibigay ng proteksyon sa mga tao na nakakaranas ng pang-aabuso na hindi maaaring mabibigyan ng kautusang nagtatanggol.

Paano ako makakuha ng legal at Permanenteng Pananatili sa Bansa na walang tulong ng aking asawa? Ang Batas Laban sa Karahasan ng mga Babawe (VAWA) ay nagtataglay ng dalawang paraan para sa mga babe na kasal sa Amerikano o sa mga permanenting mamamayan na makakuha ng kanilang pagiging legal na mamamayan. Ang una ay tinatawag na “sariling pagpetisyon.” Na sa halip na umaasa sa iyong asawa na mag-aplay ng iyong pagiging mamamayan sa INS, maari na ikaw ang mag-aplay ng sarili mo at sa iyong mga anak.

Walang papel ng ginagampananang iyong asawa sa pagsusulong at hindi niya kailangan malaman na ikaw ay nag-aaplay ng pagiging mamamayan. Dahil may kalituhan ang batas, **DI KA DAPAT PUMUNTA SA INS KUNG DI KA MUNA KUMUNSA SA, NAGTATRABAHO SA BAHAY TULUYAN, ABOGADONG PANG-IMIGRASYON, O ISA SA MGA AHENSYA NA NAKASULAT SA LIKOD NITONG PAPEL PARA SA NAAYONG TULONG.**

SAMAHANG TUMUTULONG: Makatulong ba magsalita sa mga kasamahan na may katulad na karanasan sa yo? Ang aming tagapagsulong ay makapagbigay ng kaalaman ng samahang tumutulong sa inyong lugar.

Ang pangalawang paraan ay tinatawag na “pagkansila ng pagtanggap.” Ang paraan na ito ay nararapat sa iyo kung ikaw ay nalalagay sa sitwasyon na papatalsikin o nasa proseso ng pagpapatalsik sa labas ng bansa.

Kung ikaw ay kwalipikado sa pagkansila, maaring tanggalin ng hukuman and kautusang pagpapatalsik at bigyan ka ng estado ng pagiging mamamayan. Datapwat, kailangan nasa proseso ka ng pagpapatalsik bago maka-aplay ng ganitong paraan. Kailangan na makipagkita ka ng abogadong pang-imigrasyon bago ituloy ang ganitong proseso.

Huwag kang madismaya kung di ka pumasa sa VAWA. May maraming paraan na makakakuha ka ng estado ng pagiging mamamayan. Ang pinakamabisa mong gawin ay makipag-usap sa isang tagapagsulong ng iyong katayuan at laban sa karahasan sa tahanan. HUWAG TUMAWAG INS.

Nananakot ang aking Kabiyaq na kukunin ang aking mga anak kung iiwan ko siya. Anong gagawin ko?

Kung tinatakot ka ng iyong asawa/kabiyaq na kukunin ang yong mga anak o dalhin sa kanyang bansa, kailangan alam mo ang mga paraan na dapat gawin at may mga batas na papanig sa yong kalagayan. Pag-aralan kung paano mo maitatanggol ang sarili at kapakanan ng iyong mga anak sa pamamagitan ng DVRRP.

Magagampanan ko ba ang pangangailangan ng sarili at mga anak kung iiwan ko ang aking asawa?

Sinasaad ng batas na kailangang supurtahan ng ama ang mga anak kahit kayo ay hiwalay, kahit di ka pa kasal sa kanya, at walang kinalaman ang iyong kasalukuyang estadong pang-imigrasyon. Kailangan mong kumunsulta ng abogado ng iyong pamilya or tagasulong at alamin kung paano masupurthan ang iyong mga anak ng pamahalaan ng iyong lugar kung saan ka nakatira.

KALUSUGAN: May mga mahalagang pangkalusugang pagsusuyod na kinakailangan ng bawat isa. Kung ikaw ay nasa relasyon ng karahasan sa tahanan at nais mong matutunan lalo ang iyong kalusugan at paano mo mapnatili, maari kang makipag-usap sa isang tagapagsulong.

May mga kasal na babae na maari ring tumanggap ng supurta at alimony.

Maaring gamitin ng mga legal at permanenting mamamayan ang “green cards” or resident alien cards para ipahayag na maari silang magtrabaho. Refuges at ibang klase ng imigrante ay dapat mag-aplay ng otorisasyong makapagtrabaho. Ang abogadong pang- imigrasyon ay makapagsabi kung ikaw ba ay dapat magkaroon ng otorisasyong makapagtrabaho. Dapat at mahalaga na di ka mamimike ng papel para magtrabaho o ibang klaseng pamimike ng pagiging mamamayan ng Estados Unidos.

Mapapatalsik ba ako kung ginagawa ko yong mga nakasaad sa itaas?

Kung ikaw ay mamayan ng Estados Unidos, mamayan ayon sa batas o may hinahawakang tutuong bisa, hindi ka mapatalsik kung hindi peke ang papel mo sa pagpasok sa US o hindi mo sinunod ang mga kondisyon sa iyong bisa o hindi ka nakagawa ng krimen.

Kung ikaw ay walang papel o di alam ang sariling kalagayan pang-imigrasyon, kailangan mo ng tulong ng isang abogadong pang –imigrasyon para makita kung pwede maging legal ang iyong katayuan. Saka pa lang, kailangan mo gawin ang dapat para iligtas ang sarili. Kahit isinumbong ka pa ng asawa/kabiyaq mo sa INS, hindi gagawin ang pagpapatalsik. Kung hindi kinakailangan agad, kadalasan may pagkakataon kang kumarap sa huwis at sabihin ang kalagayan mo.

Mapapatalsik ba ang Asawa/Kabiyaq ko kung gagawa ako ng aksyon?

Ang paghahanap mo ng tulong sa mga pabahay o abogado ay lubhang malayong mangyayari na mapatalsik ang iyong asawa/kabiyaq. Kailangan mo alalahanin, na mas kailangan iligtas mo ang yong sarili at mga anak sa peligrado. Ang gawain ng iyong asawa/kabiyaq ang maghahatid sa kanya sa kanyang kapahamakan.